

Madalas na mga **KATANUNGAN (FAQs): covid-19 na BAKUNA**

Ang buong pondo ay inilaan sa IL Dept. of Public Health



Q: Kapag ako ay nagkaroon na ng COVID-19, kailangan ko pa bang magpabakuna?

A: OO; ang natural na kaligtasan sa sakit na COVID-19 ay tumatagal lamang ng ilang buwan at higit sa lahat para lamang sa baryante na nahawahan ka.

Ang natural na kaligtasan sa sakit na COVID-19 ay **HINDI** ka mapo-protektahan ng matagal at ganap laban sa iba pang mga baryante.

Q: Anu-ano ang mga epekto ng bakuna?

A: Karamihan sa mga tao, ang mga epekto ng bakuna ay katamtaman at maaaring tumagal ng hanggang 36-48 na oras, kabilang na dito ang lagnat, pananakit ng kalamnan, at sakit ng ulo.

Ang mga malalang reaksyon ay bihira lamang, babantayan ka sa loob ng 15-20 minuto pagkatapos ng bawat dosis upang matiyak ang iyong kalagayan. Kung mayroon kang mga reaksyon sa iba pang mga bakuna, kumunsulta sa iyong doktor bago ka magpabakuna ng COVID-19.

Q: Mayroon bang microchip o aparato na susubaybay sa bakuna?

A: **HINDI**; ang tatlong bakuna ay **HINDI** ka tuturokan ng microchip o aparato sa iyong katawan. Ang mga bakuna ay hindi naglalaman ng mga ito.

Q: Dapat ba akong magpabakuna kung ako ay buntis o gustong magbuntis sa hinaharap?

A: OO; **HINDI** ito makakasama sa iyo o sa iyong sanggol kung ikaw ay buntis, sa katunayan, masidhing inirerekomenda ng mga eksperto at siyentipiko na mabakunahan ang mga buntis upang maiwasan ang posibilidad ng matinding impeksyon at pangmatagalang epekto para sa mga buntis na ina at kanilang mga hindi pa isinisilang na sanggol. Ang bakuna ay ligtas din para sa mga sumusubok na mabuntis ngayon o sa paglaon. Ang bakuna ay **HINDI** nagdudulot ng pagkabaog.

Q: Maaari ba akong makakuha ng COVID-19 mula sa bakuna?

A: **HINDI**; lahat ng tatlong bakuna ay hindi ka makakakuha ng COVID-19. Ang mga bakuna ay **HINDI** naglalaman ng mikrobyo. Itinuro lamang nila sa iyong mga selula kung paano lumikha ng mga antibodies laban sa COVID-19 upang labanan ang impeksyon kung madapuan ka ng mikrobyo.

Q: Babaguhin ba ng bakuna ang aking DNA?

A: **HINDI**; ang bakuna **AY HINDI** iibahin o babaguhin ang iyong DNA sa anumang paraan. Ang bakuna ay binubuo lamang ng genetic material para sa pang-ibabaw na protina, hindi ang buong mikrobyo. Hindi nito babaguhin ang anumang DNA sa nucleus ng iyong mga selula.

Q: Paano napakabilis na nabuo ang mga bakuna? Mapagkakatiwalaan ba sila?

A: Ang teknolohiyang ginamit sa mga bakuna ay hindi nabuo nang kasing bilis ng iniisip mo. Ang mga bakuna sa Pfizer at Moderna ay gumagamit ng teknolohiyang mRNA, na umiiral at nasaliksik nang halos 2 dekada. Ang teknolohiyang ito ay napag-aralan mula noong SARS at MERS na epidemya noong unang bahagi ng 2000. Ang bakunang Janssen (J&J) ay gumagamit ng isang viral vector (hindi live na virus), na ginagamit ng maraming iba pang mga bakuna at ang pamamaraang ito ay pinag-aralan na ng mga dekada. Ang mga bakuna sa COVID-19 ay nabuo nang mabilis upang matugunan ang pandaigdigang krisis dahil sa mga dekada ng pagsasaliksik sa kung paano gamitin ang mga teknolohiya nang ligtas at mahusay.

**Magtiwala sa katotohanan,
Magpabakuna na!!**

